FACT SHEET

# Pag-aseso ng Capacity Assessment

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* (AGTA) ay nagbibigay ng iba't-ibang mga opsyon upang suportahan ang nasa hustong gulang na Albertans na nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga personal at/o pinansiyal na desisyon.

Pinahihintulutan ng mga opsyon na ito ang mga taong nasa hustong gulang na makakuha ng tulong sa paggawa ng desisyon alinsunod sa kanilang mga pangangailangan at mintinahin ang kanilang pagsasarili sa pinakamatagal na maaari.

## Ano ang capacity?

Ang capacity ay ang kakayahan ng isang tao na maunawaan ang mga katotohanan tungkol sa isang desisyon at kung ano ang maaaring mangyari kung pinili nila ang isang opsyon sa halip ng ibang opsyon, o kung wala silang gagawin.

Ang legal na paglalarawan ng capacity sa ilalim ng Act ay: Ang capacity ay ang kakayahang maunawaan ang impormasyon na may kinalaman sa isang desisyon at ang malaman ang mga maaaring maging konsekwensiya ng (i) gumawa ng isang desisyon o (ii) hindi gumawa ng isang desisyon.

Hindi ibig sabihin na walang kakayahan ang isang tao kapag hindi siya sumang-ayon sa isang desisyon. Halimbawa, maaaring magpasiya ang isang tao na hindi inumin ang gamot na inirerekomenda ng kanilang doktor.

Kung nauunawaan nila kung bakit mahalaga ang gamot at kung ano ang mangyayari kapag hindi nila ito ininom, maaaring nakakagawa sila ng desisyon.

Maaari ring magkaroon ng capacity sa isang lugar at hindi sa ibang lugar. Halimbawa, maaaring mahirapan ang isang tao na maunawaan ang mga komplikadong desisyon sa health care, pero maaaring nakagagawa pa rin siya ng mga desisyon hinggil sa kanyang mga sosyal na aktibidad at pananalapi.

## Bakit inaaseso ang capacity?

Ang capacity ay inaaseso upang bigyan ang Hukuman ng impormasyon upang malaman kung ang isang co-decision maker, guardian o trustee ay dapat itakdâ para sa isang taong nasa hustong gulang.


## Ano ang nangyayari kapag inaaseso ang capacity?

Dapat may mga tunay na dahilan para asesuhin ang capacity. Tatanungin ng taga-aseso ng capacity ang sitwasyon ng taong nasa hustong gulang, kung bakit nag-aalala tungkol sa kanilang kakayahang gumawa ng mga desisyon, at ang mga ispesipikong uri ng mga desisyon. Kokompirmahin din ng taga-aseso na ineksamin ng isang doktor ang tao upang siguraduhin na ang maibabalik sa dati o pansamantalang medikal na kondisyon ay hindi umaapekto sa kanilang kakayahang gumawa ng mga desisyon.

Kung kinakailangan ang isang pag-aseso, makikipagkita ang taga-aseso sa taong nasa hustong gulang upang ipaliwanag ang proseso, kasama ang kung ano ang mangyayari kapag natuklasan na sila'y walang capacity. Maaaring magsama ang taong nasa hustong gulang ng isang tao (halimbawa, kapamilya o abogado) upang tulungan siyang maging komportable at kung gusto niya ay maaari siyang tulungan ng tao o device na makipagkomunika habang isinasagawa ang pag-aseso.

Ang taga-aseso ay magfo-focus sa mga uri ng mga desisyon na kailangang asesuhin. Halimbawa, maaaring may pag-aalala tungkol sa kakayahan ng isang taong nasa hustong gulang na gumawa ng mga desisyon tungkol sa health care at residence, pero walang pag-aalala hinggil sa capacity para sa ibang mga personal at pananalaping desisyon. Kakausapin ng taga-aseso ang taong nasa hustong gulang tungkol sa kanilang pag-unawa sa mga ispesipikong desisyon (halimbawa, medikal na kondisyon) at ang mga konsekwensiya ng paggawa o hindi paggawa ng isang desisyon (halimbawa, risks at mga benepisyo ng pagpapaopera o hindi pagpapaopera).

Sa katapusan ng pag-aseso, dinodokumento ng taga-aseso ang mga natuklasan hinggil sa capacity ng taong nasa hustong gulang sa mga ispesipikong lugar na inaseso. Tinitiyak din ng taga-aseso kung malamang na makukuha muli ng taong hustong gulang ang capacity.



Kung naniniwala siya na maaaring makuha muli ng taong nasa hustong gulang ang capacity, magrerekomenda siya ng petsa kung kailangan dapat asesuhin muli ang capacity.

## Sino ang nakakakuha ng kopya ng Capacity Assessment Report?

Ang taong nag-aaplay upang maging co-decision maker, guardian, o trustee ay tatanggap ng kopya ng Capacity Assessment Report mula sa taga-aseso. Ang report ay isasama sa lahat ng impormasyon na ibinibigay sa Hukuman upang tulungan matiyak kung dapat magtakdâ ng isang tagagawa ng desisyon para sa taong nasa hustong gulang. Ang taong nasa hustong gulang ay binibigyan din ng parehong impormasyon na ibinibigay sa Hukuman maliban kung, sa mga bihirang kaso, pinaniniwalaan na ang pagbigay ng impormasyon ay makakasamâ lamang sa taong nasa hustong gulang. Maaaring humingi ng isang paglilitis sa hukuman ang taong nasa hustong gulang tungkol sa aplikasyon.

## Sino ang awtorisadong magsagawa ng mga pag-aseso sa capacity?

Maaaring magtakdâ ng mga propesyonal sa health bilang mga taga-aseso ng capacity. Ang mga doktor at mga sikologo ay kasama sa grupong ito at ang ibang mga propesyonal sa health (halimbawa, mga nars) ay maaaring maging mga taga-aseso ng capacity kapag nagkompleto sila ng ispesipikong training.

## Paano ako hahanap ng taga-aseso ng capacity sa aking komunidad?

Maaaring magsagawa o maaaring kasama ang doktor ng taong nasa hustong gulang sa pag-aseso ng capacity. Mahalaga ang isali ang doktor upang siguraduhin na ang anumang maibabalik sa dati o mga pansamantalang medikal na kondisyon ay hindi umaapekto sa kakayahan ng taong nasa hustong gulang na gumawa ng mga desisyon. Kung hindi magagawa ng doktor ang buong pag-aseso, maaaring kumpletohin ng ibang itinakdang taga-aseso ng kapasidad ang proseso.

Ang Office of the Public Guardian ay may listahan ng mga indibidwal na health professional na mga itinakdang taga-aseso ng capacity. Tumawag nang libre sa 1-877-427-4525 o mag-online sa www.seniors.alberta.ca/opg para sa karagdagang impormasyon.

Ang Psychologists’ Association of Alberta ay nag-aalok din ng isang referral service sa mga sikologo na nagpapraktis sa mga ispesipikong lugar. Maaari silang tawagan nang libre sa 1-888-424-0294.

## Mga Nagpapatnubay na Prinsipyo

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* ay nakabatay sa apat na nagpapatnubay na prinsipyo:

- itinuturing na ang taong nasa hustong gulang ay may capacity at nakagagawa ng mga desisyon hanggang natiyak ang kabaligtaran nito;
- ang kakayahang makipag-usap ay hindi isang pagtitiyak ng capacity, ang taong nasa hustong gulang ay maaaring makipagkomunika sa ibang paraan na nagbibigay sa kanila ng paraang maunawaan;
- pag-focus sa pagsasarili nang 'di gaanong nakikialam at 'di gaanong humahadlang; at
- paggawa ng desisyon na may focus sa pinakamainam para sa taong nasa hustong gulang at kung paano sana gagawin ng taong nasa hustong gulang ang desisyon kung kaya niya ito gawin.

## Para sa karagdagang impormasyon:

Tawagan ang libreng telepono ng Office of the Public Guardian para sa impormasyon:
**1-877-427-4525**
Lunes hanggang Biyernes
8:15 ng umaga – 4:30 ng gabi.

**www.seniors.alberta.ca/opg**

## Mga Opisina

Ang Office of the Public Guardian ay may mga opisina sa buong probinsiya. Sila'y bukás mula 8:15 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Upang makonekta nang libre, tumawag muna sa 310-0000.

### Northwest Region

Grande Prairie: 780-833-4319

### Edmonton Region

Edmonton: 780-427-0017

### Central Region

Red Deer: 403-340-5165

### Northeast Region

St. Paul: 780-645-6278

### Calgary Region

Calgary: 403-297-3364

### South Region

Lethbridge: 403-381-5648
Medicine Hat: 403-529-3744